TAGAPAG-UGNAY

Hue University

03 Le Loi St., Hue City, Viet Nam

https://www.agroecologyproject.eu

https://www.facebook.com/Curriculum-Development-in-AgroEcology-CDAE-108159820785047

Tagapagugnay sa Proyekto

Do Thi Xuan Dung, PhD.

Vice President for International Cooperation

+84.0234.3894999 (ext 114)

ofic@hueuni.edu.vn

Co-funded by the Erasmus+ Programme of the European Union

"The European Commission's support for the production of this publication does not constitute an endorsement of the contents, which reflect the views only of the authors, and the Commission cannot be held responsible for any use which may be made of the information contained therein."

Project Number: 610228-EPP-1-2019-1-VN-EPPKA2-CBHE-JP

SAMAHAN

Hue University, Vietnam -Coordinator

Vietnam National University of Agriculture, Vietnam

Benguet State University, Philippines

Central Luzon State University, Philippines

Rajarata University of Sri Lanka, Sri Lanka

University of Peradeniya, Sri Lanka

Mendel University in Brno, Czech Republic

Polytechnic of Coimbra, Portugal

Novel Group S.à.r.l., Luxembourg

CURRICULUM DEVELOPMENT AGRO ECOLOGY



CURRICULUM DEVELOPMENT IN AGROECOLOGY



PANGKALAHATANG IMPORMASYON

- Erasmus+ Capacity Building in Higher Education Joint Project
- CDAE – Curriculum Development In Agroecology
- Mga partners sa Asya: Viet Nam, Philippines and Sri Lanka
- Mga partners sa Europa: Czech Republic, Portugal, and Luxembourg
- Tagapagugnay sa Proyekto: Hue University, Viet Nam
- Tagal ng Proyekto: 15.11.2019 – 14.11.2022

PANIMULA

Inobatibong katangian ng proyekto ng CDAE ang paglikha ng bagong programang MSc na espesyalisado sa isang akademikong saklaw at usapin sa pagbuo ng patakaran,ito ay ang Agroecology na wala sa mga programang gradwado at post-gradwado ng mga katuwang na HEI. Layunin ng proyekto na matugunan ang ganitong kawalan at ang pangangailangan ng rehyon na magkapaghatid ng isang programang MSc na pagsasamahin ang mga simulain at prinsipyong ekolohikal sa pag-aaral ng mga pamamaraan ng pag-aani at pagsasaka. Idagdag pa na ito ay magpapakilala ng mga konseptong ekolohikal at mga pamamaraang agrikultural na makatutulong sa pagbabawas ng mga kemikal input at mga gastusin, pag-aakma ng mga programang patubig at pangangalaga sa bukid,pagpaplano ng sistemang batay sa mga hanguang lokal at kakanyahan ng lupa, gayundin ang mahusay na paggamit ng nutrisyon ng tubig at mga hanguang henetiko.

Bunga nito, magiging ganap ang kahandaan ng mga propesyonal sa pagdidisenyo at pangangasiwa ng sustenableng agrikultura.

HANGARIN

Nangangailangan ng malawakang pagbabago upang makalikha ng sustenableng sistemang pang-agrikultura at pampagkain ang Vietnam,Pilipinas at Sri Lanka na siyang pangunahing layunin ng proyekto. Maaaring maging isang napakahalagang daan ang Agroecology upang matamo ang pangkalahatang layunin ng proyekto sapagkat ito ang magdidisenyo,magpapaunlad at magtataguyod ng pagbabagong-kalagayan sa sulahay o biodiversity at mga low external input-based sa isang maayos na pagsasaka at sistema sa pagkain. Hangarin din nito ang pagkakaroon ng pinakamahusay na palitang-aksyon sa mga halaman,mga hayop at mga tao gayundin sa kapaligiran nang may pagsasaalang-alang sa aspetong panlipunan na kailangang matugunan ng sustenable at maayos na sistema ng pagkain.

- Pataasin ang katatagang ekolohikal
- Paghusayin ang kalusugan at nutrisyon
- Pangalagaan ang sulahay (biodiversity) at mga likas-yaman.
- Pagbutihin ang katayuang ekonomiko na taglay ang marami at iba't ibang pagkakakitaan
- Pigilin ang mga epekto ng climate change sa pamamagitan ng pagbabawas ng paggamit ng mga fossil-fuel at fossil-based fuel agricultural inputs sa lahat ng mga target na katuwang na bansa at sa rehiyon.

LAYUNIN

➢Turuan ang mga propesyonal (mga magsasaka, mga dalubhasa sa pagsasaka) ng mahahalagang kaalaman,mga naisasaling kasanayan at karanasan sa pamamagitan ng programang MS at pataasin ang kanilang kakayahang makapagtrabaho sa pamamagitan ng pagtamo ng mga espesyalisadong kaalaman at pakikilahok sa mga internship program.

➢Pataasin ang kakayahan ng mga akademikong empleyado ng mga katuwang na HEI, pahusayin ang antas ng kakayahan at kasanayan sa pamamagitan ng pagbuo ng programang VET na angkop sa kanilang mga pangangailangan gayundin ng 21st century at sa pamamagitan ng mga organisasyon ng mga muling pagsasanay tungo sa konseptwalisasyon ng Agroecology.

➢Linangin ang kakayahang propesyunal ng mga tagapamahalang empleyado ng mga katuwang na HEIs sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga bokasyonal na pagsasanay.

➢Magtaguyod ng pagtutulungan, pagpapalitan ng mga kaalaman at mabubuting kasanayan sa mga paksa sa pagitan ng EU, PC HEIs, mga magsasaka, mga propesyonal sa agrikultura, mga may kaugnayan a paggawa ng mga patakaran at mga industriyang agrikultural.

MGA TARGET NA GRUPO

➢Mga Magsasaka at Propesyonal sa Agrikultura
➢Mga Akademikong Empleyado at mga Mananaliksik mula sa mga Katuwang na HEIs
➢Mga Tagapamahalang Empleyado mula sa mga katuwang na matass na paaralan HEIs
➢Mga Pambansang Awtoridad
➢Pribadong Sektor
➢Lipunan

MGA OUTPUTS

➢Bumubuo ang CDAE ng bago at inobatibong Master of Science Program, sa pamamagitan ng mga internasyonal na pagsasanay mula sa mga eksperto upang mapaunlad ang lebel ng kakayahan at kasanayan sa Higher Education Institutions ng Vietnam, Pilipinas at Sri Lanka.

➢Nagpapaunlad ng kakayahan ang CDAE para sa mga propesyunal, tagabuo ng batas at sa mga mag-aaral ng Agrikultura at mga kaugnay na larang upang maiangat ang tagumpay ng mga inisyatibang agroekolohikal.

➢Nagkakaloob ang CDAE ng higit na interaktibong kapaligiran ng pagkatuto at pinatatag na imprastratura ng pagsasalin ng kaalaman sa pamamagitan ng mga bagong likhang Agroecology Labs at ang Agroecology Knowledge Hub na may hanguan ng kaalaman, mga kurso at pagbabahagi ng impormasyon.

PARA SA IBA PANG DETALYE:

https://www.agroecologyproject.eu

https://www.facebook.com/Curriculum-Development-in-AgroEcology-CDAE-108159820785047